



BANGHAY ARALIN SA FILIPINO 5

Katutubong Dumagat Remuntado sa Rizal



Unang Markahan

Pakikinig/Pagsasalita

Unang Linggo

Araw 1

I. Layunin

Pag-unawa sa Napakinggan: Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang teksto-balita, isyu, usapan **F5PN-la-4**

Wikang binibigkas: Naipapahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan **F5PS-la-j-1**

Pangkatutubong Layunin: Naipapahayag ang sariling opinyon sa pangkatutubong pagpapagatas ng ina sa anak.

II. A. Paksang Aralin: Pag-uugnay ng Karanasan sa Binasa Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon

B. Sanggunian: K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino 5 :
F5PN-la-4, F5PS-la-j-1
Hiyas sa Pagbasa 5, pahina 5-6
Bandila Aklat sa Wika at Pagbasa 5 pahina 79
Pangkatutubong Kasaysayan ng Pagpapagatas

C. Kagamitan: concept map, cassette, tsart, task card, chart ng kuwento

D. Pagpapahalaga:

Kahalagahan ng Pagiging Malusog

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabaybay

Panuto: Baybayinang sumusunod na salita na ididikta ng guro.

- | | |
|----------------|-----------------------|
| 1. ahensiya | 6. publiko |
| 2. gulugod | 7. asoge |
| 3. naistranded | 8. nagpapagatas |
| 4. siklo | 9. kalalagsang |
| 5. kagawaran | 10. ina |

2. Paghahawan ng Balakid


- proyekto – (pagpapakita ng tunay na bagay, halimbawa ng proyektong ipinasa ng bata)
- libre – Ang mga mag-aaral ay pumapasok ng libre sa pampublikong paaralan.
- edukasyon – Ang mga batang pumapasok sa pampublikong paaralan ay nagkakamit ng libreng edukasyon.

- d. pananaliksik – Ayon sa pananaliksik ang gatas ay mainam sa ating katawan.
e. *kalalagasang – bagong panganak na* sanggol

3. Pagganyak:

Sino sa inyo ang umiinom ng gatas araw-araw?
(Linangin ang salitang gatas sa pamamagitan ng concept map.)

Ano ang naidudulot ng gatas sa ating katawan?



B. Paglalahad:

1. Pagganyak na Tanong

Bakit pinamagatang Project School Milk ang balita?

(Pakikinig ng Balita na recorded ng guro)

Project School Milk

Patuloy na ipatutupad ang Project School Milk sa mga mag-aaral sa Unang Baitang ng paaralang bayan. Ang proyekto ay pinangungunahan ni Senador Franklin Drilon, Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), Violeta Calvo, Drilon Foundation, Tetra Pak Philippines, Inc., William Gothong and Aboitiz Shipping Inc. at Alaska Milk Corporation. Layunin ng proyekto ang pagbibigay tuwing oras ng rises ng libreng gatas sa mga mag-aaral sa Unang Baitang ng paaralang publiko. Ayon sa mga pananaliksik sa Pilipinas at sa ibang bansa, maraming bata ang pumapasok nang hindi pa nag-aalmusal o bahagya nang nakakakain sa umaga. Malaki ang epekto nito sa kanilang pag-aaral. Isang lunas sa suliraning ito ay ang pagbibigay ng libreng gatas kung oras ng rises sa loob ng 24 na linggo. Sinabi ni senador Drilon na ang DepEd ay nakikipagtulungan sa mga pribadong ahensiya na nabanggit sa itaas tungo sa ikatatagumpay ng proyektong ito.

Pagbabalita ng pagpapagatas ng mga “Katutubong Dumagat Remuntado”

Ang bagong panganak na sanggol ay pinapagatas sa ina, sapagkat ang pagpapagatas sa bata mula sa gatas ng ina ay nagdudulot ng kalusugan sa bata.

Bilang isang katutubo naniniwala sila na sakitin at ang ina na tumanging magpapagatas sa anak ay hindi naaayon ang kanyang gawi sa mabuting pamumuhay ng mga isang katutubo. Ang pagpapagatas sa anak mula sa gatas ng ina ay nanatanging bagay lang na maaaring ibagay ing isang katutubong ina sa kanyang anak.

C. Pagtatalakayan

A. Pagsagot sa Pangganyak na Tanong

1. Bakit pinamagatang Project School Milk ang balita?

D. Pagsusuri

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang paksa ng unang balita?
2. Ano ang layunin ng proyekto sa unang balita?
3. Para kanino ang proyekto?
4. Ano-anong ahensiya ang nagtataguyod sa proyekto?
5. Ikaw ba ay umiinom din ng gatas?
6. *Ano ang paraan ng pagpapagatas ng mga Katutubong Dumagat Remuntado?*
- *7. Sa iyong palagay, Alin sa dalawang balita ang sa tingin ninyo ay mas masustansya ang gatas? Ipaliwanag ang sagot.
8. Bakit kailangan ng mga bata ang gatas?

E. Pagsasanay

(Pangkatang Gawain)

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bawat isa ay bibigyan ng task card.

Pangkat I – Reaksiyon Ko!

Basahin ang balita sa tsart at ipahayag ang opinyon o reaksiyon sa anyong patalata.

Maliitang Pagmimina, Malaking Problema

Maraming pook sa Pilipinas, ang mayaman sa ginto kaya't maraming Pilipino ang nagmimina rito. At kumikita naman sila. Ngunit gumagamit sila ng asoge o mercury upang matanggal ang ginto sa kinatataguang bato. Lason sa lamang-dagat at sa tao ang asoge. Gulugod at utak ng tao ang inaatake ng asoge. Sa dami ng nagmimina ay tone-toneladang asoge ang natitipon sa mga batis at ilog na gamit sa pagmimina ng ginto. Maiisip mo ang panganib ng asogeng ito sa mga mamamayan.

Pangkat 2 – Buuin Mo!

Buin ang puzzle ng balita at sagutin ang mga tanong.

Ang araw-araw na nakakalasang usok na kagagawan ng 3.2 milyong sasakyan, libu-libong “power plants” at pangkalakalang pabrika sa loob at labas ng Metro Manila ang siyang sumisira sa buhay ng mga mamamayan, particular na sa mga paslit na bata.

Nabatid sa isang pahayag na lubhang nakagagambala na ang epekto ng “air pollution” sa mga mamamayan ng Metro Manila. Labing anim katao ang iniulat na namamatay araw-araw sanhi ng nakalalasang usok, kasama na ang dumaraming bilang ng mga taong may bilyong salapi taun-taon ang matitipid kasama ang may 6,000

Mga Tanong:

1. Tungkol saan ang balitang nabasa?
2. Anong epekto ang dulot nito sa tao sa Metro Manila?
3. Bakit nagkakaroon ng air pollution?
4. Anong maaari nating gawin ukol dito?
5. Bakit pinaniniwalaang nakakaalarna ang balitang ito?

Pangkat 3 –Punan Mo!

Punan nang angkop na salita ang mga pangungusap ayon sa iyong karanasan.

1. Dumalo ako sa kaarawan ng aking kaklase. Marami akong kinain tulad ng _____, _____, at _____. Nagkaroon din ng mga palaro.
2. Tuwing buwan ng _____, nagdiriwang ang aming baryon tuwing kapistahan. Dito masaya ang mga _____ at _____. Maraming handang pagkain tulad ng _____, _____ at _____ sa halos lahat ng bahay.
3. Tuwing araw ng Pasko, masaya kami sa aming _____. Naghahanda ang aking ina ng masasarap na _____. Sabay-sabay kaming nagtutungo sa _____ upang magpasalamat sa Dakilang Lumikha. Nagpupunta rin kami sa aming _____, _____, _____, _____ at _____ upang humalik sakanilang kamay.

4. Paglalahat

Bakit mahalaga na ibahagi ang opinyon o reaksiyon sa isang pangyayari? Mahalagang maibahagi natin sa lahat angating nababasa, naririnig at nakikita upang magkaroonsila ng kamalayan at kaalaman tungkol sa pangyayari sa kapaligiran o pamayanan.

5. Karagdagang Pagsasanay

Panuto: Makinig sa balita. Sagutin ang mga tanong pagkatapos.

Itataas ng MERALCO ang bayad sa kuryente sa darating na buwan. Ito ay alinsunod sa pagtaas ng singil sa labas na binibili ng pribadong ahensya sa NAPOCOR. Bagay itong ikinakabahala ng mga mamimili sa kinabibilangan ng milyon-milyong pamilya. Labag man sa kalooban ng mga pinunong naglilingkod ng ahensya ay wala silang magagawa dahil ito ang kahilingan ng kasalukuyang sitwasyon.

- a. Bakit magtataas sa singil ang MERALCO?
- b. Sino-sino ang maaapektuhan ng balita?

c. lugnay ang napakinggang balita sa sariling karanasan.

IV. Pagtataya

Basahin ang kuwento. Ipahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa tatlong pangungusap.

Estudyante....Naistranded!

Umihip ang hangin at bumuhos ang malakas na ulan. Nabasa ang mga estudyanteng papasok sa kanilang mga klase kahit pa may dala silang payong.

Nagtrapik sa mga lansangan dahil may ilang lugar na tumaas ang tubig. Nagbanggaan ang dalawang sasakyan dahil sa madulas ang kalsada. Sumimangot na ang mga pasahero dahil mahuhuli na sila sa kani-kanilang pupuntahan.

Samantala, dahil sa biglang pagbuhos ng ulan at balitang mga pagbaha sa ilang lansangan, nag-anunsyo ang pangasiwaan ng paaralan na suspendido na ang klase.

Sinuspinde man ang klase, hindi rin makauwi ang mga estudyante. Malakas pa ring bumubuhos ang ulan. Naghihintay silang tumila ang ulan habang nag-aabang ng masasakyan pauwi. Ginabi na ang mga naistranded bago nakauwi.

- 1.
- 2.
- 3.

V. Gawaing Pantahanan

Gumupit ng balita mula sa pahayagan. Idikit sa kuwaderno at ipahayag ang iyong opinyon o reaksiyon mula dito.



**Banghay Aralin sa Filipino 5
Unang Markahan
Pagbasa**



Unang Linggo

Araw2

I. Layunin

Pag-unlad ng Talasalitaan: Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamamagitan ng gamit sa pangungusap

Pag-unawa sa Binasa: Nasasagot ang mga tanong sa binasang kuwento

Pangkatutubong Layunin: Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa wikang Tagedolos ayon sa gamit sa pangungusap

II. A. Paksang Aralin: Pagbibigay Kahulugan ng Salitang Pamilyar at Di-Pamilyar

B. Sanggunian: Gabay Pangkurikulum sa Filipino 5 F5T1a-b-1.14, F5PB-1a-3.1
Hiyas sa Pagbasa 5 pahina 8-9, 16
Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5 pahina 5-6

C. Kagamitan:kuwento, larawan, plaskard, tsart ng **kuwentong Pangkatutubo**

D. Pagpapahalaga:

Alagaan ang mga punongkahoy

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabaybay

Baybayin ang mga sumusunod na salita.

Patak-tubig

Punongkahoy

Kabundukan

Siklo

Hangin

2. Balik-Aral

Basahin ang maikling kuwento. Ibigay ang iyong opinyon o reaksiyon ukol dito.

Malapit na naman ang kapistahan sa aming pamayanan. Abala ang lahat sa paghahanda, sa pangunguna ng punong barangay, may kanya kanyang gawain ang bawat miyembro ng pamayanan. Nang matapos na ang mga gawain, kaysarap tingnan ang magandang bunga ng aming pagtutulungan. Luminis at sumigla ang buong kapaligiran. Handa na kaming tumanggap ng bisita sa araw ng Pista.

Ano ang masasabi mo sa mga tao sa pamayanan?

3. Paghahawan ng Balakid

Ano ang kahulugan ng mga sumusunod na salita.

1. patak-tubig - Ang mga patak-tubig ay nakatutulong ng malaki sa mga halaman.
2. punongkahoy-Ang mga punongkahoy sa paligid ay malaking tulong sa mga tao sa pamayanan.
3. kabundukan-Ang kabundukan ay tirahan ng iba-t-ibang uri ng hayop kaya't huwag natin itong sirain.
4. El Niño- Ang El Niño ay malaking suliranin ng mga magsasaka sapagkat namamatay ang kanilang mga pananim.
5. siklo- Ang siklo ng tubig ay paulit-ulit na nagaganap sa ating kapaligiran.

4. Pagganyak

Ano ang kabutihang nagagawa ng ulan sa mga tao?

B. Panlinang na Gawain

1. Pagganyak na Tanong

Sino si Patak-Tubig?

2. Gawain

Kuwento: Ulan, Ulan, Saan Ka Naglalakbay?

Ako ba ang hinahanap mo? Ako si Patak-Tubig. Marami kami na magkakasama. Kami ang bumubuo ng ulan. Paano naming nabubuo ang ulan? Ganito iyon, makinig ka. Kapag uminit si Araw, kaming Patak-Tubig na nasa lupa at nasa mga dahon ng halaman ay sumasama kay Hangin. Milyon milyon kaming patak-tubig na nagiging singaw. Dala-dala kami ni Hangin papunta sa itaas at kapag nagkasama-sama kaming muli ay nagiging ulap.

Kapag dumami, bumibigat kami at dahil sa lamig ng hangin, kami ay natutunaw at babagsak na patak ng ulan. Dahil sa nadadala kami ni Hangin, parang linyang pahilis ang pagbaba namin sa lupa. Anong sabi mo? Saan kami pupunta pagbalik sa lupa?

Saan pa di sa lupa, sa mga halaman, at sa lahat ng lugar na mapatakan. Kapag nainitan kaming muli ni Araw, mag-aanyong singaw at papaitaas na naman. Parang siklo, paulit-ulit. Masaya kami sa ganitong paglalakbay. Anong tanong mo? Bakit tagtuyot ngayon? Kayo ring mga tao ang may kasalanan. Sukat bang putulin ninyo ang mga kahoy sa kabundukan. Sa mga ugat ng kahoy kami nagtatago. Nang makalbo ang mga bundok, wala ng mga punong nagpapalamig ng panahon. Dahil sa tindi ng sikat ng araw, naging mga singaw kaming patak-tubig. Sumama kami kay Hangin at nagkawatak-watak kami. Nadadala kami sa kataas-taasan at dahil sa tindi ng init, hindi kami matunaw. Dahil hiwa-hiwalay kami, hindi kami bumibigat. Ano ang dapat ninyong gawin? Matatalino kayong

3. Pagtatalakayan

A. Pagsagot sa Pangganyak na Tanong

Sino si Patak-Tubig?

B. Pagsusuri

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Bakit masasabing isang siklo ang paglalakbay ni Patak-tubig?
2. Paano nadadala ng hangin ang mga patak-tubig?
3. Paano nagiging ulap ang mga singaw? Paano nagiging ulan ito?
4. Bakit mahalaga ang ulan o patak-tubig?
5. Sa sariling pangungusap, pagsunud-sunurin proseso ng siklo.
- *6. Upang hindi masira ang siklo ng tubig, ano ang dapat gawin ng mga tao? Bakit?
- *7. Gaano kahalaga sa mga katutubong Dumagat ang ulan? Sa mga tagalog?*
8. Ano-anong salita sa kuwento ang pamilyar at di pamilyar sa inyo? Isa-isahin ang mga ito.

C. Pagsasanay

Hatiin sa apat na pangkat ang klase. Bawat pangkat ay bibigyan ng takdang gawain.

Pangkat 1 – Hanapin Mo!

Hanapin at bilugan ang mga katagang pamilyar galing sa kuwentong pinag-aralan.

lupa	natunaw	hangin	kalamansi	kabundukan	diabetes
sipon	ngipin	natunaw	patak-tubig	siklo	
panahon	singaw	buhok	kalusugan	lamig	initaraw
tubig	lupa				
dahon	ulap	ulan	kalusugan		

Pangkat 2 – Iguhit Mo!

Iguhit ang siklo ng tubig ayon sa kuwento.

Pangkat 3 – Pagtambalin!

Hanapin ang kahulugan ng mga salita sa Hanay A ayon sa gamit nito sa Hanay B.

Hanay A	Hanay B
1. <u>Batid</u> ng lahat na ikaw ay namamanata	A. mabait tuwing Mahal na Araw.
2. Si Ligaya ay <u>matipid</u> sa pera.	B. hindi magastos
3. Ang dami ng pinamili ni Inay sa	C. magandang tingnan <u>palengke</u> .
4. Ang damit niyang suot ay <u>kaaya-aya</u> .	D. pamilihan
5. Ang mamang iyon ay may <u>mabuting</u>	E. alam kalooban.
	F. maayos

Pangkat 4 - Suriin Mo!

Punan ang mga puwang ng angkop na salitang pamilyar at di-pamilyar mula sa kuwento gamit ang mga salitang Tagebolos sa kahon.

Ang Siklo ng Tubig

Kapag matindi ang sikat ng _____ 1 _____ matindi rin ang _____ 2 _____ ng _____ 3 _____. Ang _____ 4 _____ na nasa _____ 5 _____ at mga _____ 6 _____ ng _____ 7 _____ ay sumama sa _____ 8 _____ sa anyo ng _____ 9 _____. Tinawag itong patak _____ 10 _____ Milyon-milyon ang mga _____ 11 _____ na kapag nagsama-sama ay nagiging _____ 12 _____ sa kaitaasan. Dala-dala ito ni _____ 13 _____ at kapag bumibigat na ay natutunaw at bumabagsak sa _____ 14 _____ sa anyo ng _____ 15 _____.

4. Paglalahat

Paano mo mauunawaan ang mga salitang pamilyar at di-pamilyar?

May mga salitang pamilyar at di-pamilyar. Ang kahulugan ng salita ay mas madaling mauunawaan kung susuriin ang pagkakagamit nito sa pangungusap.

5. Karagdagang Pagsasanay

Piliin sa kahon ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar na may salungguhit.

- _____ 1. Ginugunita ang kaarawan ni Dr. Jose Rizal ngayon.
- _____ 2. Muntik nang hindi mapuno ang upuan sa harap ng entablado.
- _____ 3. Importante sa tao ang makatapos sa pag-aaral.
- _____ 4. Ang maging presidente ang lagi niyang ninanais.
- _____ 5. Mabuhi na lamang at madali ang ating pagsusulit.
- _____ 6. Malapit nang magsara ang bunganga ng ilog.
- _____ 7. Mag-uumaga na nang makabalik ang mag-ama.
- _____ 8. Unti-unti nang nauupos ang kandila.
- _____ 9. Nakalimutan ko ang isang linya ng tula.
- _____ 10. Binatak ni Mang Kano ang lubid ng lambat.

hinila	inaalala	mahalaga	hindi maalala	tanghalan
hinahangad	bukana	madaling- araw	nauubos	mainam

IV. Pagtataya

A. Basahin ang balita. Sagutin ang mga tanong.

Isang Lunes ng hapon, buwan ng Nobyembre, masayang tumanggap ng bag ang mag-aaral sa Ikalimang Baitang mula sa alkalde ng Rodriguez, Rizal, na si Mayor Cecilio Hernandez. Kasama niya ang Pangulong Guro I na si G. Richard Z. Zonio. Ginanap ito sa

loob ng silid-aralan ng Ika-5 Baitang. Bilang pangulo ng mga magulang ng mga Ika-5 Baitang, nagpasalamat si *Gupad Marta Doroteo na isang Katutubong Dumagat* sa mga nagkaloob ng bag.

Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang ipinamigay sa mga mag-aaral? A. payong B. uniporme C. sapatos
D. bag
2. Sino ang nagkaloob ng mga bag?
A. Meyor Lito Atienza C. Meyor Cecilio Hernandez
B. Meyor Toting Bunye D. Meyor Ismael Mathay
3. Ano ang naging ganti ang mga mag-aaral sa bag na natanggap?
A. pagsang-ayon B. pagtangga C. pagtanggap D. pasasalamat
4. *Sino ang nagpaabot ng kanilang pasasalamat sa nagkaloob ng bag?*
A. Gupad B. Marta C. Gupad Marta Doroteo D. mag-aaral
5. Ano ang naging damdamin o saloobin ng mga mag-aaral?
A. pagkagulat B. pagkamangha C. pagkapahiya D. pagkatuwa

B. Piliin ang kahulugan ng mga salitang maysalungguhit.

1. Naalimpungatang sumunod si Ruth sa paglabas ng kanilang ina.
A. inaantok B. naiinis C. nakapikit
2. Matigas ang tiyan ni Baby. Impatso ito.
A. hindi makadumi B. hindi makaihi C. maraming hangin
3. Maganit ang ubo ni Miko. A. malakas B. makapit C. maluwag
4. Katasin mo ang dahon ng oregano. A. pigain B. dikdikin C. ilaga
5. Maaaring kapisasong tela ang ibigkis sa baywang ng sanggol.
A. ilagay B. ipunas C. itali

V. Gawaing Pantahanan

Panuto: Subuking ibigay sa isang salita/parirala ang kahulugan ng salitang may salungguhit ayon sa pagkagamit nito sa pangungusap.

1. Walang pitagan ang mga batang lumaki sa kalye.
2. Nagbigay ng panukala ang kapitan na magkaroon ng basurahan sa bawat kalye.
3. Nagsama sila ng maluwag ng kanyang kabiyak.
4. Malayo na ang nararating nila ngunit wala pa rin silang nakikitang talyer para sa nasirang sasakyan.
5. Tumakbo siya at humingi ng tulong para sa nakahandusay na matandang babae sa kalsada.



Banghay Aralin sa Filipino 5 Unang Markahan Pagsulat



Unang Linggo

Araw 3

I. Layunin

Pagsulat: Nakasusulat ng isang maikling balita **F5PU-Ia-2-8**
Pangkatutubong Layunin: *Nakakasulat ng isang maikling balita mula sa komunidad na kinabibilangan.*

II. A. Paksang Aralin: Pagsulat ng Balita

B. Sanggunian: K to 12 Gabay Pangkurikulum F5PU-Ia-2-8
Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5 pahina 2-7

C. Kagamitan: sipi ng balita, tsart, task kard ng pangkat

D. Pagpapahalaga: Pagiging Matapat

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

1. Balik-Aral

Hanapin sa Hanay B ang kasingkahulugan ng salita sa Hanay A sa wikang Tagebolos.

Hanay A

Hanay B

Araw

adow

Lupa

inpotok

Halaman

alaman

Ulan

getapokde

Dahon

aged

2. Paghawan ng balakid

A. Bilugan ang mas angkop na katuturan o kahulugan ng mga salita ayon sa gamit nito.

1. pamamalakad
isang samahan

a. paglakad gamit ang paa.

b. pamamahala ng

2. tinawag

a. tinagurian

b. isinigaw ang pangalan

3. ibagsak

a. ihulog nang malakas

b. talunin o sugpuin

- 4. mainit a. mula sa sikat ng araw b. mula sa lutuan
- 5. bahagi a. parte sa hatian/porsyento b. porsyon/parte ng isang lugar

B. Masdan ang mga larawan. Ano-ano ang mga salitang angkop dito.

1. madaling-araw



3. torista



5. attache case



2. radyo



4. dolyares



3. Pagganyak

Sino sa inyo ang nakikinig ng balita sa radyo o nanonood ng balita sa telebisyon?

B. Panlinang na Gawain

1. Pagganyak na Tanong

ALAM	GUSTONG MALAMAN	NALAMAN
Ano ang alam ninyo sa balita?	Tungkol saan ang balita?	

2. Gawain

Pagpapakita ng halimbawa ng balita sa tsart.

Katutubong Drayber, Pinapurihan!

Pinapurihan si ***G. Domingo San Jose, isang drayber ng habal-habal***, dahil sa ipinamalas niyang katapatan. Ang turistang naisakay niya ay nakaiwan ng isang attache case na naglalaman ng mga dolyares, tsekeng nagkakahalaga ng dalawang milyong piso, mga alahas, at mahahalagang papeles. Walang kabawas-bawas ang laman na isinaili ni ***G. San Jose*** ang attache case sa turista ng hinanap ito. Binigyan siya ng pabuya dahil sa kanyang ginawa

3. Pagtatalakayan

A. Pagsagot sa Pagganyak na Tanong


Tungkol saan ang balita?

(Sasagutan ang huling bahagi ng AGN)

B. Pagsusuri

1. Sino si G. Domingo San Jose?
2. Ano ang naiwan ng turista sa habal-habal?
3. Bakit siya pinagkalooban ng pabuya?
4. *Kung ikaw katutubo katulad ni G. Domingo San Jose, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Bakit?*
- *5. Paano mo ilalarawan ang drayber ng habal? Anong katangian ang kanyang ipinakita?
6. Bukod sa kanyang ipinakitang katapatan, paano pa maipakikita ng isang *katutubo ang kanyang pagka-Pilipino?*
7. Paano isinulat ang balita?
8. Tama ba ang pagsulat ng talata?
9. Ginamit ba nang wasto ang mga malaking titik at bantas?
10. Wasto ba ang pagkakaugnay ng mga detalye?

Basahin muli ang balita. Ibigay ang hinihinging impormasyon ng talaan ayon sa balita



Talakayin Natin:

Mahalaga ang balita upang mabatid natin ang napapanahong pangyayari dito sa ating bansa at sa iba pang panig ng daigdig.

Mahalaga ring maibahagi natin sa iba ang balita na ating napakinggan upang magkaroon sila ng kamalayan at kaalaman tungkol sa kasalukuyan o darating pang mga pangyayari sa ating kapaligiran.

Maikli lamang ang pamagat ng balita. Dito napapaloob ang kabuuan ng balita. Ang pamagat ay inaayon sa unang talaan ng balita. Inilalagay sa unahan ng balita ang pinakamahalagang bahagi nito. Sa gayon, ang sinumang tao maging siya ay abalang-abala ay maaakit na bumasa ng balita. Ang unang talataan ng balita ay tinatawag na patnubay. Ito ay sumasagot sa tanong na ano, sino, saan, at kailan. Ang ikalawang talataan ang mga detalye lamang ng balita na sumasagot sa tanong na bakit at papaano.

C. Pagsasanay

Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay susulat ng balita

tungkol sa:

Pangkat 1 – silid-aklatan
Pangkat 2 – kantina

Pangkat 3 – palaruan
Pangkat 4 – *katutubong gulayan ng paaralan*

(Bawat pangkat ay susundin ang gabay na tanong upang makagawa ng maikling balita.)

- a. Ano ang pangyayaring nasaksihan mo sa _____?
- b. Sino/Sino-sino ang nakita mo sa lugar na ito?
- c. Kailan mo ito nakita o napansin?
- d. Bakit tumimo sa isipan mo ang pangyayaring ito?
- e. Paano mo pinahalagahan ang iyong nasaksihan?

4. Paglalahat

Paano isinusulat ang balita? Ano ang mahalagang sangkap nito?

Maikli lamang ang pamagat ng balita. Dito napapaloob ang kabuuan ng balita.

Ang pamagat ay inaayon sa unang talaan ng balita. Inilalagay sa unahan ng balita ang pinakamahalagang bahagi nito

Ang unang talataan ng balita ay tinatawag na patnubay. Ito ay sumasagot sa tanong na ano, sino, saan, at kailan. Ang ikalawang talataan ang mga detalye lamang ng balita na sumasagot sa tanong na bakit at papaano.

5. Karagdagang Gawain

Sumulat ng isang maikling balita tungkol sa gawaing pampaaralan. Sundin ang tamang hakbang ng pagsulat ng balita.

IV. Pagtataya

Pumili ng isang paksa sa talaan sa ibaba at sumulat ng isang maikling balita ukol dito.

- a. Buwan ng Nutrisyon
- b. Halalan, 2016
- c. Laro ng Lahi

V. Gawaing Pantahanan

Sumulat ng isang maikling balita tungkol sa unang araw ng pasukan.



**Banghay Aralin sa Filipino 5
Unang Markahan
Pagbasa**



Unang Linggo

Araw 4

I. Layunin

Estratehiya sa Pag-aaral: Nabibigyang kahulugan ang patalastas **F5EP Ib-10**

Katutubong Layunin: *Nabibigyang kahulugan ang patalastas mula sa pangkatutubong kagamitan.*

II. A. Paksang Aralin: Pagbibigay Kahulugan sa Patalastas

B. Sanggunian: K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino 5 F5EP Ib-10

C. Kagamitan: laptop, speaker, kopya/video ng patalastas sa DVD tape

D. Pagpapahalaga:

Pagiging Mapanuri sa mga Produkto/Patalastas

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

1. Balik-Aral

Paano natin isinusulat ang balita? Ano ang mahahalagang sangkap nito?

2. Pagganyak

Ano ang paborito mong patalastas sa TV ngayon? Kaya mo ba itong gayahin?

B. Panlinang na Gawain

1. Pagganyak na Tanong

Anong mensahe ang hatid ng patalastas?

2. Gawain

Panonood ng patalastas.

(Pagpapanood sa mga bata ng isang patalastas na napapanahon)

Panonood ng Video ng Patalastas ng Isang Sabong Panlaba

Ariel Powder

3. Pagtatalakayan

A. Pagsagot sa Pangganyak na Tanong

Anong mensahe ang hatid ng patalastas?

B. Pagsusuri

Sagutin ang mga tanong:

1. Anong produkto ang ipinakita sa patalastas?
2. Sino ang nais hikayatin ng patalastas na ito?
3. Bakit hinihikayat ang mga mamimili na gumamit ng ganitong uri ng produkto?
4. Sa inyong palagay, marami ba ang tumatangkilik ng produktong ito? Bakit?
- *5. Dapat bang maniwala agad ang mga mamimili sa ganitong uri ng patalastas? Ano ang dapat gawin ng mga tao?
6. Bukod sa naunang kahulugan ng napanood na patalastas, mayroon pa bang nais iparating ang patalastas na ito?

C. Pagsasanay

Panuto: Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Magpapakita ang bawat grupo ng likhang patalastas, gamit ang likhang pangalan ang kanilang produkto.

Pangkat 1 – *Masustansyang pagkain ng mga Katutubong Dumagat*

Pangkat 2 - *Sabong Panlaba ng mga Katutubong Dumagat*

Pangkat 3 – Gatas na Pambata

Pangkat 4 – *pagnganga*

4. Paglalahat

Ano ang patalastas?

Paano mo maibibigay ang kahulugan ng patalastas?

Ang patalastas ay karaniwang nababasa, nakikita o babala. Ito ay maaaring babala o paalala ng isang departamento na nagbebenta ng isang produkto.

Maibibigay ang kahulugan ng patalastas sa pamamagitan ng masusing panonood at pakikinig sa mga salita na sinasabi ng nag-eendorso nito.

5. Karagdagang Pagsasanay

Panoorin ang patalastas. Ibigay ang kahulugan na nais iparating nito sa ayos na patalastas.

(Patalastas ng isang pagkain McDonald – Karen-Gina)

IV. Pagtataya

Panuto: Panoorin ang patalastas. Suriing mabuti at ibigay ang nais ipakahulugan nito sa limang pangungusap. (Patalastas ng toothpaste – Happee ni Angel Locsin)

- 1.
- 2.

- 3.
- 4.
- 5.

V. Gawaing Pantahanan

Manood ng limang patalastas. Itala ang ngalan ng produkto at isulat sa isang pangungusap ang mensahe ng bawat isa.



BANGHAY ARALIN SA FILIPINO 5 Unang Markahan Pakikinig at Pagsasalita



Unang Linggo

Araw 5

I. Layunin

Pag-unawa sa Napakinggan: Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang teksto, balita/isyu/usapan **F5PN-Ia-4**

Gramatika: Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalipsa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay, at pangyayari sa paligid. **F5WG-Ia-2-2**

Pangkatutubong Layunin: *Nakikilala ang mga pangngalan at panghalip sa wikang Tagebolos sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay, at pangyayari sa paligid.*

II. A. Paksang Aralin: Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggang Teksto, Balita/Isyu/Usapan.

Wastong Gamit ng mga Pangngalan at Panghalip sa Pagtalakay Tungkol sa Sarili, sa mga Tao, Hayop, Lugar, Bagay at Pangyayari sa Paligid.

B. Sanggunian: K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino 5
F5PN-Ia-4 F5WG-Ia-2-2, Agos Dunong 5, pp. 6 - 7

C. Kagamitan: plaskard, tsart, tarpapel ng seleksyon, mga Larawan, aklat

D. Pagpapahalaga: Pagtutulungan/Bayanihan

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabaybay

Brigada Eskwela

telebisyon

diksiyunaryo

Botanical Garden

aparador

storage box

2. Balik-Aral

Ano ang balita? patalastas? Ano ang kanilang pagkakaiba?

3. Pagganyak

Suriin ang mga larawan.



Itanong: Ano ang masasabi ninyo sa mga larawan? May pagkakapareho ba ang mensaheng ipinararating nito? Bakit?

B. Panlinang na Gawain

1. Pangganyak na Tanong

Naranasan mo na bang makilahok at maikiisa sa Brigada Eskwela sa inyong paaralan? Ano ang nararamdaman mo? Bakit?

2. Gawain

Babasahin ng guro ang balita tungkol sa brigada. Ibigay muna ang pamantayan sa pakikinig.

BRIGADA ESKWELA

Akda ni: G. Mayline M. Atienza

Abalang-abala ang lahat ng guro, mga bata at mga magulang sa Paaralang Elementarya ng Puray dahil sa “Brigada Eskwela” bilang paghahanda sa darating na pasukan. Sila ay kanya kanya ng pagpapalano kung ano ang magandang gawin upang maging matagumpay ang Brigada Eskwela.

Nagmungkahi si *Amba Moreng* bilang isa sa mga *Ropos* ng mga Katutubong Dumagat Remuntado na maglagay ng bakod sa likod ng paaralan upang maiwasang pumasok ang mga hayop. Si *Ambang Celso* naman ang pinupukpok ang sirang aparador na pinaglalaman ng mga aklat at diksyunaryo upang ito ay maiayos na mailagay. Ikinabit naman ni Aling Nena ang kurtina at pinunasan niya ang mga mesa.

Tumulong na rin ang mga bata sa pagpupunas ng mga upuan. Sila ay masipag na tumutulong sa paglilinis. Si G. Mayline M. Atienza ay abalang abala sa pag aayos ng mga kakailanganing papeles para sa pangkalahatang pagpaparehistro ng mga *katutubong mag-aaral* na wala pang birth certificate. Dadalhin niya ito bukas sa munisipyo upang mabigyan ng Birth Certificate ang kanyang mga Katutubong mag-aaral. Inayos naman ni Aling Saling ang mga halaman. Kaayang-ayang tingnan ang

paligid at handa na sa pasukan dahil ito ay napakalinis na. Madaling natapos ang gawain dahil sa pagtutulungan ng bawat isa.

3. Pagtatalakayan:

A. Pagsagot sa sa Pangganyak na Tanong

Naranasan mo na bang makilahok at maikiisa sa Brigada Eskwela sa inyong paaralan? Ano ang nararamdaman mo? Bakit?

B. Pagsusuri

1. Ano ang pinagkakaabalahan ng mga tao?
2. Sino-sino ang mga taong nabanggit?
3. Saan ginanap ang Brigada Eskwela?
4. Sa iyong palagay, bakit isinasagawa ang ganitong gawain?
5. Bilang mag-aaral, paano ka makakatulong sa pagsasagawa ng ganitong gawain?
6. Ito ang balita na narinig ninyo, (Ipaskil ang balita) anong mga pangngalan/panghalip ang ginamit dito?
7. Ano-anong panghalip ang inihalili sa ngalan ng tao, hayop, lugar, bagay o pangyayari?

C. Pagsasanay

Pangkatang Gawain

Panuto: Hatiin sa apat na grupo ang mga mag-aaral at isagawa ng bawat grupo ang nakasaad sa mga scroll na ibibigay sa kanila.

Pangkat 1 Pag usapan Natin!

Gumawa at magtanghal ng isang dayalogo/usapan ukol sa magagandang naidudulot ng pagsasagawa ng Brigada Eskwela. Salungguhitan ang panghalip na ginamit.

Pangkat2 Awitin I Rap Natin !

Gumawa ng awit/rap ng may paksang pagtutulungan, gamit ang mga pangngalan/panghalip.

Pangkat 3 Iguhit mo!

Gumuhit ng poster nagpapakita ng pagkakaisa o bayanihan.

Pangkat 4 Itula Mo!

Gumawa ng maikling tula gamit ang ibat ibang pangkatutubong pangngalan/panghalip

4. Paglalahat

Ano ang pangngalan?

5. Karagdagang Gawain

Panuto: Punan ng wastong panghalip na nasa kahon sa ibaba ang mga pangngalang may salungguhit sa unang pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang sa pangalawang pangungusap.

Kanya	Siya	niya
Ito	Diyan	Doon

1. Ang ina ni Paolo ay si Inang Loleng. _____ ang nag-alaga kay Paolo simula pagkabata.
2. Nais ni Baldo bumawi kay Paulo. Nais _____ na bumawi kay Paulo.
3. Kay Amba Moreng ang asong pumanaw. _____ ang asong pumanaw.
4. Natagpuan ko na at hawak-hawak ang nawawalang artikulo. _____ ang hinahanap niya kanina pang umaga.
5. Ang kinatatayuan mo ay ang silid na tinutukoy ko. _____ tayo tutulog mamayang gabi.

IV. Pagtataya

Panuto: Punan ng angkop na panghalip mula sa kahon ang patlang upang mabuo ang pangungusap.

dito	siya	kanya	akong	mo	namin
ako	ko	ikaw	doon	hayun	iyang

1. _____ ang unang nakatapos sa pagsulat ng tula.
2. Maaga _____ pumasok kanina.
3. Malapit _____ sa paaralan ang bahay namin.
4. _____ ang kanyang bahay.
5. Hindi _____ sinasadya ang nagawa kong kasalanan.
6. _____ kami nagtago sa banda roon habang takot na takot.
7. Saan _____ pupunta Linda?
8. Sa _____ ang kotse na nakaparada na yun.
9. Buksan _____ na ang regalo.
10. _____ ang nawawala kong bag, nasa tabi mo lang pala.

V. Gawaing Pantahanan

Magsaliksik tungkol sa iba pang uri ng panghalip. Isulat sa kwaderno ang mga ito.